

Impormasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan ng DFEH na Nauugnay sa COVID-19



FAQ

Isang pandemya ng sakit sa baga na dulot ng isang bagong coronavirus (COVID-19) ang kasalukuyang nananatili sa California at sa labas nito. Noong Marso 4, 2020, nagdeklara si Gobernador Newsom ng state of emergency sa California. Sa panahon ng pandemya, nakaranas ang California ng hindi pa kailanmang nararanasan at napakabilis na pagdami ng mga kaso ng COVID-19 na nagdulot ng higit na kahirapan sa mga tauhan sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang mapagkukunang medikal.

Noong Oktubre 23, 2020, naglabas ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH) ng [All Facilities Letter \(AFL 20-38.5\)](#) na may gabay tungkol sa kung kailan at sa kung aling mga sitwasyon dapat gumawa ang mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan ng mga pagbubukod sa mga patakaran na “bawal ang mga bisita”. Noong Disyembre 28, 2020, naglabas ang CDPH ng ikalawang [All Facilities Letter \(AFL 20-91\)](#) na nag-aatas sa mga partikular na pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na bumuo at gumawa ng mga patakaran para sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa pampublikong krisis, kabilang ang impormasyon tungkol sa kung paano magbibigay ng priyoridad at maglalaan ng medikal na pangangalaga at paggamot ang mga pasilidad na ito sa kaganapang kailangang magsagawa ng pagrarasyon ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat sumunod ang mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan sa pinakabagong patnubay mula sa CDPH at iba pang awtoridad sa pampublikong kalusugan. Katulad nito, dapat din sumunod ang mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan sa mga naaangkop na pang-estado at pederal na batas sa mga karapatang sibil na nagbabawal sa diskriminasyon at pangharass. Ibinibigay ng Departamento ng Makatarungang Trabaho at Pabahay (Department of Fair Employment and Housing, DFEH) ang patnubay na ito para ipaalala sa mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa kanilang obligasyong itaguyod ang mga batas sa mga karapatang sibil habang binubuo at ipinapatupad ang mga patakaran sa pagbisita at pangangalaga sa oras ng krisis. Ang patnubay na ito ay para sa mga layunin ng pagbibigay ng impormasyon lamang at hindi ito lumilikha ng anumang karapatan o obligasyon na hiwalay mula sa mga inaatas ng umiiral na batas.

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

■ **May bisa ba ang mga batas sa mga karapatang sibil sa panahon ng isang pandemya?**

Oo. Epektibo ang mga pang-estado at pederal na batas sa mga karapatang sibil sa panahon ng pandemya at ipinagbabawal nito ang pandiskrimina o pangha-harass ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan laban sa mga indibidwal batay sa mga protektadong katangian.

Sa California, ang Unruh Civil Rights Act (Kodigo Sibil seksyon 51) at ang seksyon 11135 ng Kodigo ng Pamahalaan (Government Code) ay nagtatatag ng mga proteksyon laban sa diskriminasyon sa mga ospital at iba pang lugar para sa pangangalagang pangkalusugan. Naaangkop ang Batas Unruh sa Mga Karapatang Sibil (Unruh Civil Rights Act) sa lahat ng uri ng negosyo at sinasama nito ang mga proteksyon ng pederal na Batas sa Mga Amerikanong May Mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA), at inaatas ng seksyon 11135 ng Kodigo ng Pamahalaan sa mga programa o aktibidad na pinopondohan ng estado na dapat matugunan, bilang minimum, ang mga pamantayan ng ADA. Ang mga pang-estadong batas sa mga karapatang sibil ay ginagawang labag sa batas para sa lahat ng negosyo, programa, o aktibidad na pinapamahalaan ng estado, o nakakatanggap ng pagpopondo ng estado na magdiskrimina laban sa, mang-harass, o magbigay ng hindi pantay na serbisyo sa sinuman dahil sa isang protektadong katangian.

Naglabas ang California ng [patnubay](#) noong Marso 30, 2020 para ipaalala sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na may karapatan ang bawat tao sa pantay-pantay na access sa mga serbisyong ibinibigay sa lahat ng establisyemento ng negosyo at pampublikong ahensya – kabilang ang mga medikal na klinika at ospital – anuman ang kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan ng kasal, sekswal na oryentasyon, pagkamamamayan, pangunahing wika, o katayuan sa imigrasyon.

Noong Marso 28, 2020, naglabas ang Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights) sa Departamento ng Mga Serbisyong Pantao at Pangkalusugan (Department of Health and Human Services, HHS) ng U.S. ng [patnubay](#) na nagpapaalala sa mga sakop na entidad tungkol sa kanilang mga pederal na obligasyon at responsibilidad sa ilalim ng batas, sa ilalim ng Seksyon 1557 ng Batas sa Abot-kayang Pangangalaga (Affordable Care Act) at Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon (Rehabilitation Act). Kasama ng iba pang punto, binigyang-diin ng HHS na ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat “magbigay ng makabuluhang access sa mga programa at impormasyon sa mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa wikang Ingles sa pamamagitan ng mga kwalipikadong interpreter at iba pang paraan.”

■ **Ano ang papel ng DFEH sa pagpapatupad ng mga karapatang sibil sa mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan?**

Kasama ng iba pang karapatang sibil na ipinapatupad ng DFEH, responsibilidad ng departamento na ipatupad ang Batas Unruh sa Mga Karapatang Sibil (seksyon 51 ng Kodigo Sibil) at seksyon 11135 ng Kodigo ng Pamahalaan, na ginagawang labag sa batas para sa lahat ng negosyo, programa, o aktibidad na pinapamahalaan ng estado, o nakakatanggap ng pagpopondo ng estado na magdiskrimina laban sa, mang-harass, o magbigay ng hindi pantay-pantay na serbisyo sa sinuman dahil sa isang protektadong katangian. Kabilang dito ang mga ospital at iba pang lugar para sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga indibidwal na naniniwalang naging biktima sila ng diskriminasyon ay maaaring maghain ng reklamo para imbestigahan ng DFEH. Sa parehong paraan, dapat maghain ng reklamo ang mga ahensya ng estado para mag-imbestiga ang DFEH kapag mayroon silang makatuwirang dahilan para maniwala na isa sa kanilang mga contractor, tumanggap ng gawad (grantee), o lokal na ahensya ay nagdiskrimina laban sa sinuman o itinanggi ang buo at pantay-pantay na access sa mga benepisyo ng anumang programa o aktibidad dahil sa isang protektadong katangian. Alamin ang higit pa tungkol sa paghain ng reklamo sa DFEH sa <https://www.dfeh.ca.gov/ComplaintProcess/>.

MGA MAKATUWIRANG AKOMODASYON PARA SA MGA TAONG MAY MGA KAPANSANAN:

- **Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, tungkulin ba ng mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan na magbigay ng mga makatuwirang akomodasyon sa mga indibidwal na may kapansanan?**

Oo. Labag sa batas ang hindi pagbibigay o ang pagtanggap magbigay ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ng makatuwirang akomodasyon ayon sa kinakailangan para makapagbigay sa indibidwal na may kapansanan ng buo at pantay na pagkakataon para mapakinabangan ang mga serbisyo ng provider. Kabilang dito ang pagkakaroon ng kakayahang makipag-ugnayan sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at mag-access ng pangangalaga. Maaaring hindi makatuwiran ang ilang akomodasyon kung binabago nito ang mga pangunahing katangian ng programa, nagpapataw ito ng labis na pasan, o nagdadala ito ng direktang banta sa kalusugan at kaligtasan ng iba. Kapag humiling ng akomodasyon ang indibidwal na may kapansanan, dapat magsagawa ang provider ng pangangalagang pangkalusugan ng interaktibong proseso kasama ng indibidwal o kanyang kinatawan para suriin kung available ang makatuwirang akomodasyon.

- **Kailangan bang payagan ng mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ang pagkakaroon ng pansuportang tao na makakatiyak na kayang ipahayag ng taong may kapansanan ang kanyang mga pangangailangan at kagustuhan sa paggamot, kabilang ang paggamot na kaugnay ng COVID-19?**

Maaaring kailangan ng mga pasyenteng may kapansanan ng mga partikular na makatuwirang akomodasyon pagdating sa pagpapahayag ng kanilang mga pangangailangan at kagustuhan sa paggamot, kabilang ang access sa mga interpreter at espesyal na nakakatulong na teknolohiya. Maaaring kailangan ng pasyenteng may kapansanan ng kasamang pansuportang tao na may kaalaman tungkol sa pamamahala ng kanyang pangangalaga para tulungan siya sa pisikal o emosyonal na paraan sa panahon ng kanyang pananatili sa ospital, o para tulungan siyang ipahayag ang kanyang mga pangangailangan, tulad ng isang kapamilya, assistant sa personal na pangangalaga, o katulad na provider ng serbisyo para sa kapansanan. Kapag kailangan ng pasyenteng may kapansanan ang pagkakaroon ng pansuportang tao para magkaroon siya ng buo at pantay na access sa mga benepisyo ng mga serbisyo ng provider, dapat payagan ang akomodasyon na ito nang may mga naaangkop na pag-iingat para pigilan ang pagkalat ng impeksiyon, kung hindi ipinapakita ng lugar para sa pangangalagang pangkalusugan – pagkatapos isagawa ang interaktibong proseso – na mayroong labis na pasan, direktang banta sa kalusugan at kaligtasan ng iba, o pagbabago sa mga pangunahing katangian ng programa.

Impormasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan ng DFEH na Nauugnay sa COVID-19

■ Maaari bang maglagay ang mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ng mga paghihigpit sa mga bisita o pansuportang tao?

Oo. Sa panahon ng pandemya ng COVID-19 – kung kailan napakahalaga ng pagpigil ng pagkalat ng impeksiyon sa mga tauhan at pasyente at maraming lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ang kulang na sa mga tao at mapagkukunan – maaaring maglagay ang mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ng mga paghihigpit sa mga bisita, kabilang ang mga pansuportang tao para sa mga pasyenteng may kapansanan. Maaaring kabilang sa mga makatuwirang paghihigpit ang paglimita sa dami ng bisita sa iisang pagkakataon; pagpayag lamang sa mga bisitang natutugunan ang pangangailangan sa suporta ng pasyente; pag-screen sa mga bisita para sa mga posibleng sakit at pagbabawal sa kanila mula sa pagpasok kung nagpapakita sila ng sintomas; at pag-atas sa mga bisita na magsuot ng personal na pamprotektang kagamitan sa lahat ng oras na sila ay nasa loob ng lugar para sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, tulad ng ipinaliwanag sa ibang bahagi ng patnubay na ito, labag sa batas ang hindi pagbibigay o ang pagtanggap magbigay ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ng makatuwirang akomodasyon ayon sa kinakailangan para makapagbigay sa indibidwal na may kapansanan ng buo at pantay na pagkakataon para mapakinabangan ang mga serbisyo ng provider.

■ Kung paghihigpitan ng lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ang pagbisita ng mga taong hindi pasyente dahil sa mga pag-iingat sa kaligtasan dahil sa COVID-19, dapat bang magbigay ang lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ng exception sa indibidwal na may kapansanan?

Sa pangkalahatan, maaaring paghihigpitan ng mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ang pagbisita dahil sa pandemya ng COVID-19. Gayunpaman, kahit na pinakamahalaga ang mga alalahanin sa pampublikong kalusugan at kaligtasan, kapag kailangan ng isang pasyenteng may kapansanan ang pansuportang tao na lalabag sa patakaran sa pagbisita ng provider ng pangangalagang pangkalusugan, dapat paunlakan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang pangangailangan ng pasyente (habang nagsasagawa ng mga wastong pag-iingat kabilang ang mga hakbang para pigilan ang panganib ng pagkalat ng impeksiyon), maliban na lamang kung nagpapakita ang lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ng labis na pasan, direktang banta sa kalusugan at kaligtasan ng iba, o pagbabago sa pangunahing katangian ng programa. Ang mga ospital ay dapat may patakaran sa pagbisita na maaaring makamit, at dapat sanayin ang mga frontiline na tauhan sa mga kasalukuyang patakaran sa pagbisita.

■ Maaari bang magpatupad ang mga lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ng patakaran na “bawal ang mga bisita” na nagbibigay ng exception para sa ibang kapansanan ngunit hindi para sa iba?

Hindi. Hindi maaaring magsagawa ang lugar para sa pangangalagang pangkalusugan ng malawakang exception para sa mga indibidwal na may mga partikular na kapansanan, tulad ng mga intelektwal o kognitibong kapansanan, habang hindi nagbibigay ng mga exception para sa ibang uri ng kapansanan tulad ng psychiatric o sensory na kapansanan.

Impormasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan ng DFEH na Nauugnay sa COVID-19

■ Sino ang maaaring itakda bilang pansuportang tao at anong mga tungkulin ang magagawa ng mga pansuportang tao?

Kabilang sa “pansuportang tao” ang sinumang makakatulong sa pasyenteng may kapansanan na makabuluhang i-access at pakinabangan ang mga serbisyo at pangangalagang ibinibigay sa pasilidad ng kalusugan. Maaari silang tumulong sa komunikasyon, paggalaw, pag-access, emosyonal na suporta, personal na pangangalaga, at ibang pang-araw-araw na aktibidad. Maaaring sila ay binabayarang attendant sa personal na pangangalaga, kapamilya, partner, o ibang mas hindi pormal na tagapangalaga.

Bilang halimbawa, ang isang pasyenteng may mga hadlang sa komunikasyon na kaugnay ng kapansanan ay maaaring kailangan ang harapang suporta ng isang pinagkakatiwalaang tao para magbigay-daan sa epektibong komunikasyon kasama ng mga tauhan ng pangangalagang pangkalusugan. Katulad nito, maaaring kailangan din ng isang pasyenteng may kapansanan na nakakaapekto sa kanyang kakayahang unawain o sumunod sa medikal na patnubay ang isang pinagkakatiwalaang pansuportang tao para tulungan siya.

Dagdag pa rito, maraming indibidwal na may kapansanan ang umaasa sa mga assistant sa personal na pangangalaga para tulungan sila sa mga pang-araw-araw na aktibidad, kabilang ang paglipat mula sa kama o wheelchair, personal na pangangalaga, at pagkain. Maaaring bumuo sila ng mga malapit at may tiwalang kaugnayan sa kanilang mga assistant sa personal na pangangalaga. Kapag ang mga tauhan ng ospital ang gumawa ng mga naturang malapit na serbisyo sa halip na ang assistant sa personal na pangangalaga ng pasyente (kahit ipagpalagay na available at handang gawin ito ng tauhan ng ospital), maaaring hadlangan nito ang paggamot at paggaling ng pasyente. Ang pagkakaroon ng assistant sa personal na pangangalaga ng pasyente ay maaaring makatuwirang akomodasyon na nangangailangan ng pagbabago ng patakaran sa pagbisita ng pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan kapag kinakailangan para sa pisikal o emosyonal na kapakanan ng pasyente.

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng diskriminasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa DFEH.

PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Department of Fair Employment and Housing

dfeh.ca.gov

Walang Toll: 800.884.1684

TTY: 800.700.2320

Kung mayroon kang kapansanan na nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon, maaari kang tulungan ng DFEH sa pamamagitan ng pagsusulat ng iyong mensahe sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na bingi o may kahirapan sa pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa itaas.